# Kung Ang Líbingan Ko'y...



**Pang Todos Los Santos**

Matagal-tagal ding tayo ay nagduyan
sa suyo at lambing ng pagmamahalan;
sa aking pagtula: ikaw'y paralumang
sa salamisim ko'y nagbigay ng ilaw;
sa mgá lungkot mo: ako'y kasintahang
langit ng langit mo, masulyapán lamang;
diwang sa diwa mo ay isáng timbulan,
pusong sa puso ko ay kaligayahán.
Ganyán tayo noon; nguni't... kapalaran,
kay rupok ng aking tali sa sumpaán!

Pinatay mo ako sa iyong pag-ibig
sa pagtataksil ko sa sumpáng malinis!
Luha ng luha mo'y natak at tumigis
at ikaw'y namahay sa dusa at sakit.
Ako'y salawahang naghanáp ng langit
sa ibáng kandungang naging panaginip.
Nalimutan kita at di na nalirip
ang hapdi ng iyong mgá pananangis!
Talaga ngá yatang ang guhit ay guhit,
Kapag hindi iyo'y uuwi sa tubig.

Bagaman at ako'y sintáng nabubuhay.
ipinagluksa mo ng mahabang araw,
at, ang wika mo pá: ang aking libingan
ay iyáng puso mong lubháng matimtiman.
Sala ng may-salang pinagsisisihan
ng abáng naglilo sa pagsusuyuan.
Sa araw na ito'y iyong pátunayang
patay na nga ako sa iyong isipan.
Kung ang libingan ko'y ang puso mo, hirang
ang libingang puso'y iyong kandilaan...

**DAPIT-HAPON**

